Kay Allah ang kinuha Niya at Kanya ang ipinagkaloob Niya.At ang lahat ng bagay sa Kanya ay may takdang panahon,magtiis ka at humiling sa gantimpala ni Allah

Ayon kay Usāmah bin Zayd malugod si Allah sa kanilang dalawa-siya ay nagsabi:Nagpadala ang babaing anak ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-[ng isang sugo na magsasabi]-Tunay na ang aking anak na lalaki ay naghihingalo,kaya pumunta ka sa amin,Ipinadala niya [ang sugo] upang sabihin ang pagbati at sabihin niyang: ((Kay Allah ang kinuha Niya at Kanya ang ipinagkaloob Niya.At ang lahat ng bagay sa Kanya ay may takdang panahon,magtiis ka at humiling sa gantimpala ni Allah)) [Ngunit] Ipinadala niya ito at nangako sa kanya na katotohanang darating siya sa kanya.Tumayo siya at kasama niya sina Sa`ad bin Ubbadah,Mu`adh bin Jabal,Ubayy bin Ka`ab at Zaid bin Thabit,ang iba pang kalalakihan-malugod si Allah sa kanila-Itinaas ang bata sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-pina-upo niya ito sa kanyang kandungan habang ang hininga nito ay nag-aagaw buhay,Lumuha ang kanyang mga mata,at nagsabi si Sa`ad: O Sugo ni Allah,ano iyan?Nagsabi siya: ((Ito ay habag,ginawa ni Allah-pagkataas-taas Niya sa mga puso ng kanyang alipin)) At sa isang salaysay: ((sa puso ng sinumang naisin Niya sa kanyang mga alipin,at tunay na nahahabag lamang si Allah sa mga lingkod Niyang mahabagin))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Binanggit ni Usāmah bin Zayd malugod si Allah sa kanya,na ang isa sa mga babaing anak ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagpadala sa kanya ng isang taong magsasabi sa kanya na ang lalaking anak nito ay naghihingalo na at siya ay humihiling sa Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na pumunta. Dumating ang ipinadala sa Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, at nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- sa kanya na, sabihin doon na magtiis at umasa sa gantimpala ni Allah sapagkat "Kay Allah ang kinuha Niya at Kanya ang ipinagkaloob Niya.At ang lahat ng bagay sa Kanya ay may takdang panahon". Inutusan ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ang ipinadala ng babaing anak niya na sabihin sa babaing anak niya,- ang ina ng batang ito-, ang mga salitang ito:"Magtiis ka" ibig sabihin ay: sa pagsubok na ito,"at humangad sa gantimpala ni Allah" :ibig sabihin:Umasab ka sa gantimpala ni Allah dahil sa iyong pagtitiis;sapagkat may mga taong nagtitiis subalit hindi naghahangad [sa gantimpala ni Allah],Subalit kapag nagtiis at humangad sa gantimpala ni Alah:Ibig sabihin ay:Ninais niya sa pagtitiis niya na gantimpalaan ni Allah at mabayaran,at ito ang paghahangad ng gantimpala.Sa pagsabi niyang:"Tunay na kay Allah ang kinuha Niya at Kanya ang ipinagkaloob Niya. Ang pangungusap na ito ay dakila. Kapag ang lahat ng bagay ay kay Allah,Kapag kinuha Niya mula sa iyo ng anuman, iyon ay pag-aari Niya; at kapag

pinagkalooban ka Niya ng anuman, iyon ay pag-aari niya. Kaya papaano ka magagalit kapag kinuha Niya mula sa iyo ang anumang bagay na pagmamay-ari Niya mismo? Dahil dito itinuturing na sunnah para sa tao, kapag dinapuan siya ng isang pagsubok, na magsabi:(Tunay na tayo ay kay Allah at tunay na tayo ay sa Kanya magsisibalik). Ibig sabihin: Tayo ay pag-aari ni Allah; ginagawa Niya sa atin ang anumang niloloob Niya.Gayundin, ang minamahal natin, kapag kinuha Niya sa harapan natin, ito ay Kanya, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan. Kanya ang kinuha Niya at Kanya ang ipinagkaloob Niya, pati na ang ibinigay sa iyo mismo ay hindi mo pag-aari; ito ay kay Allah.Dahil dito, hindi maaaring tratuhin mo ang ibinigay sa iyo ni Allah maliban sa paraang ipinahintulot sa iyo rito. Ito ay patunay na ang pag-aari natin,kapag ipinagkaloob ito ni Allah sa atin [ay itinuturing] na pansamantala lamang,Hindi natin ito kayang tratuhin batay sa kagustuhan natin.At dahil dito ay sinabi niyang: "Tunay na kay Allah ang kinuha Niya at Kanya ang ipingakaloob Niya" At kung kay Allah ang kinuha niya papaano ka magngingitngit,at papaano tayo mapopoot kapag kinuha ng nagmamay-ari ang kanyang pag-aari-Napakamaluwalhati Niya at Pagkataas-taas-Ito ay pagkakaiba ng opinyon at pagkakaiba ng naisulat! Ang sabi niya na "At ang lahat ng bagay sa Kanya ay may takdang panahon" ang lahat ng bagay sa Kanya ay nakatakda, "sa takdang panahon." ibig sabihin ay sa nakatalaga, Kapag nagkaroon ka ng katiyakan dito na tunay na kay Allah ang kinuha Niya at sa Kanya ang ipinagkaloob Niya at ang lahat ng bagay sa Kanya ay may takdang panahon, makukumbinsi ka. Ang huling pangungusap na ito ay nangangahulugang, ang tao ay hindi niya maaaring baguhin ang nakasulat,ang nakatakda: hindi maipapauna at hindi maipahuhuli, Katulad ng sinabi ni Allah-pagkataas-taas Niya: "Bawat kalipunan ay may nakatakdang panahon; kapag sumapit na ang katakdaan nila, wala ni isang oras ang makakaantala rito o di kaya ay wala ni isang oras ang makakapanguna rito." (Qur'an 10:49).Kung ang lahat ng bagay ay nakatakda,hindi mapapangunahan at hindi maantala,walang kabuluhan ang pangangamba at pagkapoot;dahil kahit na mabahala ka man o nagngitngit ka, wala ng mababago mula sa itinakda. Pagkatapos, tunay na ang Sugo ay nagparating sa babaing anak niya sa ipinag-utos niyang iparating doon, subalit inutusan niya ito sa kanya upang hilingin na pumunta siya. Tumayo ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, siya at isang pangkat ng mga kasamahan niya. Dumating siya sa anak niya, at inangat niya sa kanya ang bata habang ang hininga nito ay,tumataas at bumababa. Naiyak ang Sugo ni Allah- sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-, at lumuha ang kanyang mga mata, Inakala ni Sa`d bin `Ubādahna ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan - ay umiiyak dahil sa pagkabahala;Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: " Ito ay habag"Ibig sabihin: Napaiyak ako dahil sa habag ko sa bata,hindi dahil sa pagkabahala sa mga naitakda,Pagkatapos ay nagsabi siya, sumakanya ang pagpapala at pangangalaga: "Nahahabag lamang si Allah sa mga lingkod Niyang mahabagin." Dito ay may patunay sa pagpapahintulot sa pag-iyak,bilang habag sa [tinamaan ng] pagsubok

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3290